

CHALLENGER

Mga Tuntunin para sa Panlibangang Pangingsida

May bisa mula: Nobyembre 2017 na maaaring mabago nang walang pasabi.

PAGSASARA SA PAGKUHA NG SCALLOP AT PAGSASARA SA PAGKUHA NG SHELLFISH DAHILAN SA LINDOL SA KAIKŌURA – TINGNAN ANG MGA MAPA SA LOOB

GUSTO MO BANG ILAGAY ANG MGA TUNTUNIN SA IYONG PHONE?

Gamitin ang aming serbisyong libreng text.

I-download ang aming libreng smartphone app.

TINGNAN ANG LIKURAN PARA SA MGA DETALYE.

Ministry for Primary Industries
Manatū Ahu Matua



Panlibangang Pangingsida

Bakit mahalaga ang mga tuntunin para sa panlibangang pangingsida

Ang pangingsida ay isa sa mga pinaka-popular na gawaing panlabas sa New Zealand. Ang mga panlibangang mangingsida (sinumang mangingsida nang di-pangkalakal) ay humuhuli ng maraming finfish at shellfish taun-taon. Upang panatilihin magpapatuloy ang pangisdaan, ang Ministry for Primary Industries (MPI) ay nagtatakda ng mga tuntunin sa panlibangang pangingsida. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin at responsableng pangingsida, ang mga mangingsida ay tutulong sa pagtiyak na may isda sa ngayon, bukas at sa mga darating pang henerasyon.

Ano ang saklaw ng mga tuntunin?

Sinumang nangingsida nang panlibangan ay dapat sumunod sa mga tuntunin tungkol sa:

- pang-araw-araw na limit ng mahuhuli sa bag (ilang isda ang maiuuwi mo);
- mga limit sa laki na ayon sa batas (ang laki ng mga isdang maiuuwi mo);
- mga pagbabawal sa mga uri (ang mga uri ng isda na maiuuwi mo);
- mga sarado at may pagbabawal na mga lugar (saan ka makakapangisda).

Mga bagay na dapat tandaan:

- labag sa batas ang magtinda o makipagkalakalan ng mga panlibangang huli;
- ang paglabag sa mga tuntunin ay maaaring humantong sa pag-uusig, multa at pagkompiska ng mga ari-arian;
- ang mga tao lamang na pisikal na kasangkot sa paghuli ng finfish, rock lobster (ulang), o shellfish (isdang may talukap), ang may karapatan sa huli sa loob ng pang-araw-araw na limit;
- ang mga hindi gusto o labag sa batas na huli (mga huli na lampas sa iyong pang-araw-araw na limit, mga isdang wala sa tamang laki, mga isdang nahuli gamit ang kulang sa tamang laki ng mesh, di-sinasadyang paghuli o nadamay na huli) ay dapat agad-agad na ibalik sa tubig kung saan sila nahuli, buhay man o patay.

Paano ko matitingnan ang mga tuntunin?

Ang polyetong ito ay buod ng mga tuntunin sa pangingsida para sa Challenger Fishery Management Area (FMA). Ito ay isang gabay lamang at maaaring hindi saklaw ang mga lokal na pagbabawal o tuntunin na nabago makaraang malimbag ito. Upang maging nasasapanahon, tingnan ang mga tuntunin tuwing ikaw ay mangingsida.

Ang MPI ay nagbibigay ng maraming (libreng) paraan upang matitingnan ang mga tuntunin. Kabilang dito ang libreng text na serbisyo, libreng app para sa Smartphone, o pagbisita sa aming website o mga opisina. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang huling pahina ng polyetong ito.

Maipagpapatuloy na Pangingsida

Mabuting paghawak ng isda

Ang tamang paghawak at pagpapakawala ng di-gusto o labag sa batas na huli ay magpapalaki ng kanilang tsansa na mabuhay upang mahuli nang ayon sa batas sa ibang araw. Kapag humahawak at nagpapakawala ng isda, tandaan na:

- gumamit ng mga basang kamay (o basang guwantes);
- maging marahan – idausdos sa tubig ang isda nang malapit sa ibabaw ng tubig, kung maaari;
- pakawalan ang isda nang malapit sa lugar na pinanghulihan sa kanila kung maaari (lalo na ang mga shellfish at rock lobster);
- ang pinakamagaling na paraan upang mapangalagaan ang mga isdang wala sa tamang laki ay ang hindi paghuli sa kanila sa simula pa lang. Kung ikaw ay nakakahuli ng maraming isdang wala sa tamang laki, mag-iba ka ng lokasyon, o gumamit ka ng mas malaking pamingwit o mas malaking mesh.

Para sa karagdagang impormasyon, ang MPI ay may 'Gabay sa Paghawak ng Isda' (Fish Handling Guide) na makukuha online o sa aming mga opisina.

Kaligtasan ng mga Ibong-dagat

Ang mga ibong-dagat ay madaling makakita ng mga pain at pira-pirasong isda sa tubig at maaari silang makawil o masalabit sa bingwit.

Alamin kung paano maiwasan ang pag-akit sa mga ibong-dagat at paano ang paghawak sa kanila nang ligtas sa www.southernseabirds.org

Finfish

Mga pang-araw-araw na limit sa bag at mga pagbabawal sa laki

Mayroong pinagsamang pinakamalaking pang-araw-araw na limit sa bag na 20 ng alinmang kombinasyon ng mga sumusunod na finfish. (Ang limit para sa mga indibidwal na uri ay hindi dapat lampasan)

Tandaan na maaaring may mga lokal na pagbabawal o pagsasara ng lugar, tingnan ang seksyon ng 'Mga Lugar na Sarado at May Pagbabawal'.

Mga Uri ng Finfish	Pinakamaliit na haba (cm)	Pinakamalaking pang-araw-araw na limit (bawat mangingsida)	Pinakamaliit na laki ng mesh para sa mga net (mm)
Blue Cod – Challenger East (kabilang ang Marlborough Sounds Area)	33 (idinaong na buo o inalisang bituka lamang)	2*	100
Blue Cod – Challenger West (West Coast, South Island)	33	20	Ang paggamit ng set net ay ipinagbabawal
Blue Moki	40	20	114
Blunose	–	5	160
Butterfish/Greenbone	35	20	108
Elephant Fish	–	20	150
Flatfish	25	20	100
Grey Mullet	–	20	100
John Dory	–	20	100
Kahawai	–	20	100
Red Cod (Pulang Bakalaw)	25	20	100
Red Gurnard	25	20	100
Red Moki	40	20	114
Rig	–	20	150
School Shark	–	20	150
Tarakihi	25	20	100
Trevally (Talakitok)	25	20	100

* Maaari kang magkaroon ng hanggang 4 na blue cod sa Challenger East Area (kabilang ang Marlborough Sounds Area) kung mapapatunayan mo na walang higit pa sa 2 ng mga blue cod ang nahuli mula sa Challenger East Area sa isang araw. Ang pagbabawal na ito ay nauukol kung nahuli mo ang isda sa labas ng Challenger East Area at gusto mong ipasok sa loob ng Challenger East Area.

Dagdag pa dito, ikaw ay maaari ding humuli ng mga sumusunod:

Mga Uri ng Finfish	Pinakamaliit na haba (cm)	Pinakamalaking pang-araw-araw na limit (bawat mangingisda)	Pinakamaliit na laki ng mesh para sa mga net (mm)
Eels (Palos)	-	6	12
Garfish (Piper), Pilchard, Herrings (Yellow Eyed Mullet)	-	Walang limit	25
Groper/Hapuku/Bass (Apahap)	-	Pang-araw-araw na limit	160
Kingfish (Tanguingue)	75	ng bag na 5 na pinakamarami ay 3 kingfish	100
Sea Perch (Apahap)	-	Walang limit	100
Snapper (Bitilya) – Challenger	25	10	100
Snapper (Bitilya) – Marlborough Sounds Area	25	3*	100
Trumpeter	35	Walang limit	100
Lahat ng iba pa na hindi pa nasasaad	-	Walang limit	100

*Sa loob ng limit ng bag na 10 snapper ay isang sub-limit na 3 na maaaring makuha mula sa Marlborough Sounds Area.

Pagsukat ng finfish

Sukatin mula sa dulo ng ilong hanggang sa gitnang ray o 'V' sa buntot.



Mga Pagbabawal ukol sa Finfish

Mga pagbabawal sa pamimingwit ng isda

Kabilang sa pamimingwit ng isda ang paggamit ng mahahabang bingwit at mga dahn (drop) na bingwit ngunit hindi kasali ang 'rod and reel' o mga hawak-kamay na bingwit. Sa mga lugar na nagpapahintulot ng pamimingwit ng isda, ang mga sumusunod na pagbabawal ay nauukol:

- walang sinuman ang gagamit, o magkakaroon ng, mahigit sa isang pamingwit (maliban sa mga hawak-kamay na bingwit o 'rod and reel' na pamingwit);
- walang sinuman ang maaaring gumamit o magkaroon ng mahigit sa 25 kawil;
- kung mahigit sa isang tao ang gumagamit ng bingwit mula sa isang sasakyang-pantubig (maliban sa 'rod and reel' na pamingwit), hindi hihigit sa dalawang bingwit (maliban sa 'rod and reel' na bingwit), ang maaaring gamitin, na nakalagay mula o mayroon sa sasakyang-dagat na iyon;

- ang mga panlutang sa ibabaw ng tubig na nakakabit sa dulo ng anumang pamingwit ay dapat may markang malinaw ng mga inisyal at apelyido ng mangingisda, na mababasa nang malinaw at permanente. Ang numero ng telepono ay makakatulong din.

Mga pagbabawal sa Marlborough Sounds Area sa paggamit ng 'rod and reel' na pamingwit

Kapag nangisingda sa Marlborough Sounds Area, hindi ka dapat gumamit ng mahigit sa 2 kawil bawat 'rod and reel' (o hawak sa kamay na pamingwit) para sa anumang uri ng finfish.

Mga pagbabawal sa paggamit ng net

Kabilang sa pangisingda na gamit ang net; ang set, fyke, drag at lahat ng iba pang net. Sa mga lugar na nagpapahintulot ng paggamit sa net, ang sumusunod na pangkalahatang pagbabawal ay nauukol:

- walang sinuman ang maglalagay o magkakaroon ng mahigit sa isang drag net, set net, fyke net, o iba pang uri ng lambat sa anumang oras (di-kasali ang landing net);
- ang mga net ay dapat hilahin gamit ang mga kamay lamang;
- anumang net o mga net na ginagamit ng isang katao o sama-sama ay hindi dapat umabot nang mahigit sa sangkapat ng kaluwangan ng anumang ilog, sapa, channel, look o balya sa anumang oras ng paglaki at pagliit ng tubig;
- walang sinuman ang maglalagay o gagamit ng isang net na may pamain (maliban sa mga fyke net);
- ang mga net ay hindi dapat tulusan (maliban sa mga fyke net);

Mga drag net (lambat na pangubkob)

Sa mga lugar na nagpapahintulot ng mga drag net, ang mga sumusunod na pagbabawal ay nauukol:

- hindi dapat humigit sa 40 metro ang haba;
- ang kabuuang haba ng warp ay hindi dapat hihigit sa 200 metro.

Mga set net

Sa mga lugar na nagpapahintulot ng mga set net, ang mga sumusunod na pagbabawal ay nauukol:

- hindi dapat humigit sa 60 metro ang haba;
- hindi dapat ilagay nang 60 metro ang lapit sa isa pang net;
- dapat magkaroon ng isang panlutang sa ibabaw na may markang malinaw, mababasa at permanente, ng mga inisyal at apelyido ng mangingisda sa bawat dulo. Ang numero ng telepono ay makakatulong din. (Isang panlutang lamang ang kailangan para sa mga fyke net);
- isang set net lamang ang pinahihintulatang gamitin mula sa, o nasa anumang sasakyang-pantubig. (Isa pang karagdagan net ay pahihintulatan bilang panghuli ng isdang pampain kung ito ay kulang sa 10 metro ang haba at may laki ng mesh na 50mm o mas maliit pa);
- hindi maaaring gamitin sa isang pamamaraan na magiging dahilan upang maiwanan ang mga isda ng lumiliit na tubig.

Shellfish

Mga pang-araw-araw na limit sa bag at mga pagbabawal sa laki

Ang mga shellfish ay nahuli kapag hindi na sila makabalik nang malaya sa tubig hal. nalagay na sa bag na sisidlan ng nahuli o sa mga kagaya nito. Anumang oras habang nag-aani ay hindi ka maaaring magkaroon ng mahigit sa iyong pang-araw-araw na limit.

Tandaan na maaaring may mga lokal na pagbabawal o pagsasara ng lugar, tingnan ang seksyon ng 'Mga Lugar na Sarado at May Pagbabawal'. Ang mga limit sa pagkuha at pagkakaroon ng shellfish ay nakalista sa ibaba.

Mga Uri ng Shellfish	Pang-araw-araw na limit ng bawat mangingisda	Pinakamaliit na laki (mm)
Cockles (Sigay)	150	wala
Kina (mga itlog-dagat)	50	wala
Mussels (Kabya)	50	wala
Oysters (Talaba) – Dredge*	50	58
– Rock & Pacific	250	wala
Paua – Ordinary	1010	125
– Yellowfoot		80
Pipi	150	wala
Scallops* (Kabibi)	50	90
Toheroa	Ipinagbabawal	Ipinagbabawal
Tuatua	150	wala
Lahat ng iba pa (pinagsama-sama) •	50	wala

* Ang limitadong probisyon ay nagpapahintulot sa isang maninisd sa isang sasakyang-pantubig na umani ng karagdagan may limit na bag ng mga oyster at scallop para sa hanggang 2 tao na nagsasagawa ng kaligtasan sa pagsisid mula sa sasakyang iyon.

- Ito ay isang pinagsama-samang, may ibat ibang uri sa loob ng may limit na bag. Ito ay nauukol sa lahat ng uri ng shellfish na hindi tiyakang pinangalanan sa itaas, at kabilang ang lahat ng alimango at alimasag, limpet, starfish, periwinkle, whelk, barnacles (talipit) at tubig-tabang na ulang (koura).

Ang mga shellfish ay dapat idaong sa kalagayang masusukat.

Ang lahat ng shellfish na may nauukol na pagbabawal sa pinakamaliit na laki (kabilang ang paua, scallop at dredge oyster) ay dapat idaong nang may balat o talukap at hindi maaaring alisan ng talukap o balat patungong-dagat mula sa mean high water mark. Kabilang dito ang pag-transport sa tubig.

Ang mga dredge oyster at scallop ay maaaring buksan para kainin agad-agad sa sasakyang-pantubig. Ang anumang mga scallop at dredge oyster na kinain ay bahagi ng iyong pang-araw-araw na limit. Ang anumang mga scallop at dredge oyster na hindi kinain ay dapat idaong nang may talukap o balat.

Mga limit sa pag-iipon ng paua

Kapag nangingisda sa dalawa o mahigit pang mga araw, ikaw ay maaaring magkaroon ng pinakamarami na 20 paua o 2.5kg ng laman ng paua, basta mapapatunayan mo na sila ay kinuha nang ayon sa batas at hindi ka kumuha ng mahigit sa pang-araw-araw na limit sa isang araw.

Pagsukat ng shellfish

Paua: sukatin ang pinakamahabang bahagi ng shell sa isang linyang direktso. Huwag susukatin ang paibabaw na kurba ng shell.

Mga scallop: sukatin ang pinakamalawak na diyametro ng shell.



Mga Dredge Oyster: hindi dapat makalusot sa isang matigas na bilugang metal na may panloob na diyametro ng 58mm.

Mga Pagbabawal ukol sa Shellfish

Aparato sa paghinga sa ilalim ng tubig (Underwater Breathing Apparatus - UBA)

- Hindi kabilang sa UBA ang mga snorkel.
- Walang sinuman ang maaaring kumuha ng paua gamit ang UBA.
- Walang sinuman ang maaaring magkaroon ng paua habang mayroong UBA. Kabilang dito ang pagkakaroon nito sa anumang sasakyang-pantubig o sasakyan.

Mga open season (bukas na panahon)

- **Mga Oyster:** ang pangangisda ng mga oyster ay bukas sa buong taon. (Ang mga rock oyster at Pacific oyster ay hindi dapat buksan habang sila ay nakakabit pa sa bagay na tinubuan nila).
- **Mga Scallop:** ang pagkuha ng mga scallop ay sarado sa ilang lugar. Tingnan ang mapa sa ibaba.

Pangangalaga ng itim na coral

Walang sinuman na maaaring kumuha o magkaroon ng itim na coral.

Pagsasara sa pagkuha ng shellfish dahil sa lindol sa Kaikōura

Walang sinuman ang kukuha ng shellfish mula sa lugar na kulay-pula sa Mapa 5.

Mga saradong lugar para sa mga scallop



Ang Marlborough Sounds, Tasman Bay, Golden Bay at Port Underwood ay sarado sa pagkuha ng scallop mula ika-15 ng Hulyo hanggang may darating na pasabi.

Rock Lobster (Batong Ulang)

Pang-araw-araw na mga limit sa bag


Walang sinuman ang makakakuha o magkakaroon ng mahigit sa 6 na rock lobster (pinagsama ang dalawang uri) sa isang araw.

Ang rock lobster ay hindi maaaring makuha sa patungong-dagat ng high water mark sa kalagayang hindi masusukat.

Pinakamaliit na laki ng spiny rock lobster

Sukatin ang kalaparan ng buntot sa isang linyang direktso sa pagitan ng dulo ng dalawang malalaking (pangunahing) gulugod na nasa ikalawang bahagi ng buntot.

Kung hindi mo tiyak kung ito ay babae o lalaki, gamitin mo ang 60mm na sukat.



Pinakamaliit na laki ng packhorse lobster

Sukatin ang haba ng buntot sa kahabaan ng tiyan sa isang linyang direktso mula sa hulihan ng calcified bar sa unang bahagi hanggang sa dulo ng panggitnang fan ng buntot.

Ang buntot ay dapat may haba na 216mm man lamang (lalaki at babae).



Mga pagbabawal ukol sa Rock lobster

Protektadong rock lobster

Ang mga sumusunod na uri ng rock lobster ay protektado ng batas at dapat ibalik agad-agad sa tubig:

- rock lobster na wala pa sa hustong laki;
- mga babaing rock lobster na may dala-dalang itlog sa labas ng katawan (dala-dala sa pagitan ng mga pleopod sa ilalim ng buntot);
- rock lobster na nasa yugto pa ng malambot na talukap;
- rock lobster na hindi maaaring sukatin (hal. dahil may sira sa buntot na hahadlang sa tumpak na pagsukat).

Mga pangkalahatang pagbabawal

Sa mga lugar na maaaring pag-anihan ng rock lobster, ang mga sumusunod na pagbabawal ay nauukol:


- ang rock lobster ay hindi maaaring makuha sa patungong-dagat mula sa high water mark sa kalagayang hindi masusukat;
- mga loop o lasso na ginagamitan lamang ng kamay ang maaaring gamitin. Ang mga loop o lasso na spring-loaded ay ipinagbabawal;
- ang mga sibat o mga gamit na maaaring makabutas sa talukap ay hindi dapat gamitin sa paghuli ng rock lobster. Ang pagkakaroon ng anumang rock lobster na sinibat ay isang paglabag;
- ang mga itlog na nasa labas o ang mga bahaging nagdadala ng itlog ay hindi dapat alisin mula sa isang rock lobster.

Mga Pagbabawal ukol sa Rock Lobster (ipinagpapatuloy)


Mga pot para sa rock lobster

Ang mga pot para sa rock lobster ay nangangahulugan na anumang pot, pinainan man o hindi, na kayang humuli o maglaman ng rock lobster; at kabilang ang iba pang gamit na kayang humuli, maglaman o mag-imbak ng rock lobster. Lahat ng pot para sa rock lobster ay dapat magkaroon ng puwang para sa pagtakas (mga daanan). Ang mga ito ay puwang sa pot na dinisenyo upang patakasin ang mga rock lobster na wala pa sa hustong laki. Walang puwang para sa pagtakas ang isasama sa itaas man o sa ilalim ng anumang pot. Bawat puwang para sa pagtakas ay dapat may panloob na dimensiyong 54mm x 200mm man lamang.

Ang mga pot na bilog o korteng bahay-pukyutan: dapat may 3 man lamang na puwang para sa pagtakas (maliban sa pasukan).



Ang mga pot na kwadrado o rektangulo: dapat may 2 man lamang na puwang para sa pagtakas (maliban sa pasukan) sa magkabilang panig ng pot. Bawat isa ay dapat hindi kukulugin sa 80 porsiyento ng taas o haba ng panig ng pot kung saan naroon ang mga puwang para sa pagtakas.



Mga mesh pot: anumang pot na ginawa na lubos na ginamitan ng di-binagong spot welded mesh na may pinakamaliit na panloob na dimensiyong 54mm x 140mm ay hindi nangangailangan ng mga puwang para sa pagtakas. Ang mga mesh pot ay maaaring gamitin nang may mga takip o liner basta hindi nila nasasaklawan ang 80 porsiyento man lamang ng bahagi ng bawat isa sa 2 magkabilang panig.

Paggamit ng mga pot

Sa mga lugar na nagpapahintulot sa paggamit ng mga pot, ang mga sumusunod na pagbabawal ay nauukol:

- ang mga indibidwal ay maaaring gumamit, maglagay, o magkaroon, nang hanggang tatlong pot sa isang araw;
- lahat ng pot at panlutang sa ibabaw ng tubig ay dapat markahan ng apelyido at mga inisyal ng mangingisda nang malinaw at permanente;
- ang dalawa o higit pang indibidwal na nangingisda mula sa isang sasakyang-pantubig ay maaaring gumamit, maglagay, o magkaroon nang hanggang anim na pot sa isang araw basta mamarkahan lang nila ng kanilang pangalan ang mga pot, at bawat tao ay hindi gumagamit ng mahigit sa tatlo sa mga pot;
- ang mga pot na may mga bob at ring ay maaaring gamitin upang humuli ng rock lobster ngunit lahat ng iba pang kinakailangan ay nauukol, gaya ng pagmamarka at limit sa dami ng pot;
- ang mga pot na ginagamit sa paghuli ng rock lobster ay may mga kinakailangang tiyak na puwang para sa pagtakas – tingnan ang 'Rock Lobster';
- ang mga pot para sa mga tiyak na uri (pot para sa cod, pot para sa alimango atbp) ay maaaring gamitin. Sila ay di-saklaw ng mga kinakailangang puwang para sa pagtakas, ngunit lahat ng iba pang kinakailangan ay nananatili (gaya ng pagmamarka at mga limit sa dami ng pot).

Mga Pagsasara at Pagbabawal

Mga Lugar na may pagbabawal

Ang mga lugar na may pagbabawal ay mga lugar kung saan ang paggamit ng partikular na pamamaraan ng pangingsda (hal. mga set net) ay ipinagbabawal o kung saan ang mga limit sa mahuhuli ay maaaring naiiba. Ang ilang mga lugar na may pagbabawal ay nakalista sa ibaba. Gayunman, ang mga ito ay gabay lamang. Alamin ang mga lokal na pagbabawal at kamakailan lamang na mga pagsasara sa pamamagitan ng pagkontak sa pinakamalapit ninyong MPI na opisina.

Mga Lugar na may Pagbabawal ukol sa Blue Cod

Area 1: Challenger East Area (kabilang ang Marlborough Sounds Area): Marlborough Sounds Area Lamang. Sarado: ika-1 ng Setyembre – ika-19 ng Disyembre taun-taon.

Pang-araw-araw na Limit: 2 ng bawat mangingsda

Maaari kang magkaroon ng hanggang 4 na blue cod sa Challenger East Area (kabilang ang Marlborough Sounds Area) kung mapapatunayan mo na walang higit pa sa 2 ng mga blue cod ang nahuli mula sa Challenger East Area sa isang araw. Ang pagbabawal na ito ay nauukol kung nahuli mo ang isda sa labas ng Challenger East Area at gusto mong ipasok sa loob ng Challenger East Area.

Limit sa Laki: 33cm pinakamaliit.

Dapat idaong nang buo o inalisang ng bituka lamang.

Karagdagang mga Pagbabawal: Ikaw ay hindi dapat:

- maghiwa ng blue cod, maliban kung kakainin mo agad-agad; Ang anumang blue cod na kinain ay bahagi ng iyong pang-araw-araw na limit;
- samantalang sarado ang panahon sa Marlborough Sounds, ikaw ay maaaring magdala ng blue cod mula sa Challenger East Area papasok sa Marlborough Sounds Area basta't mapapatunayan mo kung saan nahuli ang isda;
- ang mga mangingsidang nakatigil sa mga bach at nakasampa sa mga sasakyang-pantubig ay hindi libre mula sa mga regulasyong ito at makakadaong lamang o makaka-transport sa dagat, ng mga blue cod na buo o inalisang ng sikmura sa isang araw;
- kapag nangingisda sa Marlborough Sounds Area, gumamit ng hindi hihigit sa 2 kawil bawat pamingwit, kapag nangingisda ng anumang uri ng finfish (di-kabilang ang mga longline).



Area 2: Lugar na Sarado sa Maud Island

Area 2: Maud Island Area

Sarado sa buong taon.

Walang anumang uri ng finfish na makukuha.

- 40 59.92S 173 54.14E
- 41 01.70S 173 55.34E
- 41 02.75S 173 54.75E
- 41 02.21S 173 52.08E
- 41 01.21S 173 51.75E

Mga pagbabawal ukol sa set net

Mapa 1: Ang paggamit ng set net ay lubos na ipinagbabawal mula sa Cape Jackson hanggang sa Clarence River (umaabot palaot hanggang 4 na nautical miles at saklaw ang buong lugar ng Queen Charlotte Sound, Tory Channel, Port Underwood, Cloudy Bay, Clifford Bay, at Cape Campbell).

Mapa 2: Ang paggamit ng set net ay lubos na ipinagbabawal sa West Coast mula sa Farewell Spit hanggang Awarua Point (umaabot palaot hanggang 2 nautical miles). Tingnan ang mga regulasyon para sa mga co-ordinates.



Mapa 1: Saradong Lugar para sa Set Net



Mapa 2: Saradong Lugar para sa Set Net

- Iksemsiyon:** Ang Queen Charlotte Sound sa loob ng isang linya mula sa West Head Point (Ruakaka Bay) hanggang Deiffenbach Point – tingnan ang kulay-pulang lugar sa **Mapa 3**. Nauukol sa pagitan ng ika-1 ng Abril at ika-30 ng Setyembre para sa Flatfish set net lamang (isang net na 9 na mesh ang lalim o mas mababaw, naka-angkla sa bawat dulo, hindi hihigit sa 60 metro ang kabuuang haba, may laki ng mesh na mas malaki o kapareho ng 100mm at may diyametrong monofilament na kulang sa 0.35mm).
- Iksemsiyon:** Whanganui/Westhaven Inlet.
- Ang mga mangingsida ay dapat mamalagi sa kanilang net sa lahat ng oras at maglagay nito nang di-hihigit sa 200m mula sa baybayin, sa pagitan ng Cape Jackson at Rarangi Port Underwood at pagkatapos ay mula sa Cape Campbell hanggang Needles Point sa pagitan ng ika-1 ng Enero – ika-30 ng Abril, inklusibo. (Tingnan ang kulay-lila na linya sa **Mapa 3**)

Mapa 3: Ang paglalagay ng set net ay maaaring isagawa lamang gamit ang mga set net na may laki ng mesh na mas malaki o kapareho ng 100mm na hindi hihigit sa 9 na mesh ang taas at dapat ilagay na may diretsong kontak sa kailaliman ng dagat. Ang mga pagbabawal na ito ay nauukol sa mga sumusunod (lahat ng lugar na kulay-asul sa **Mapa 3**):

Pelorus Sound: sa loob ng isang linya mula sa Tawero Point hanggang Opani-Aputa Point.

Tennyson Inlet at Hallam Cove: sa loob ng isang linya mula sa Sheep Point hanggang Camel Point hanggang Cregoe Point.

Croisilles Harbour: sa loob ng isang linya mula sa Cape Soucis, nasa labas ng mga isla hanggang Kakaho Point.

Sa loob ng Kenepuru Sound: ang paggamit ng set net ay lubos na ipinagbabawal mula ika-1 ng Oktubre hanggang ika-31 ng Marso, inklusibo.



Mapa 3: Mga Lugar na may Pagbabawal ukol sa Set Net

Mga lugar na may pagbabawal para sa paggamit ng Set Line (Mahahabang Pamingwit)

Mapa 4: Ang pagkakaroon at paggamit ng mga Set Line ay ipinagbabawal sa Pelorus Sound sa loob ng linya mula sa Tawero Point hanggang Opani-Aputa Point at sa Kenepuru Sound.



Mapa 4: Mga lugar na may pagbabawal para sa paggamit ng set line

Pagsasara sa pagkuha ng shellfish dahil sa lindol sa Kaikōura

Ang lugar mula Marfells Beach hanggang Conway River ay sarado sa pagkuha ng shellfish o mga uri ng seaweed (maliban sa rock lobster at scampi). Mula sa lugar na kulay-pula sa Mapa 5. Ang pagsasarang ito ay kailangan upang ang lugar ay manumbalik sa dati mula sa lindol sa Kaikōura noong ika-14 ng Nobyembre 2016.

Pagsasara sa pagkuha ng scallop

Tingnan ang mapa na nasa ilalim ng mga pagbabawal sa pagkuha ng shellfish.

Mga Saradong Lugar

Ang mga saradong lugar ay mga lugar kung saan hindi pinahihintulutan ang pangingsda. Ang mga ito ay maaaring isinara ng MPI bilang mga pinagbabawalang lugar o ng Departamento ng Konserbasyon (Department of Conservation-DOC) bilang mga marine reserve (protektadong lugar para sa mga hayop-dagat). Para sa kabuuang detalye ng mga marine reserve, kontakin ang DOC.

Ang mga saradong lugar sa Challenger FMA ay kinabibilangan ng: Long Island Marine Reserve, Tonga Island Marine Reserve, Horoirangi Marine Reserve, Whanganui/Westhaven Inlet Marine Reserve at ng Double Cove, Queen Charlotte Sound.



Saradong Lugar sa Double Cove



Horoirangi Marine Reserve



Westhaven Inlet Marine Reserve



Tonga Island Marine Reserve



Long Island Marine Reserve



Mapa 5: Saradong lugar mula Marfells Beach hanggang Conway River

Paghadlang sa Poacher (walang pahintulot na mangingsda)

Ang MPI ay may pananagutan para sa pangangalaga ng mga lokal na pangisdaan at pagpigil ng mga labag sa batas na gawain gaya ng poaching (walang pahintulot na pangingsda). Upang gawin ito, kailangan ng MPI ang tulong ninyo sa pag-report ng anumang kahina-hinala o labag sa batas na nangyayari sa inyong lugar.

Kung may makikita kayong mga tao na kumikilos nang labag sa batas, kumukuha ng mahigit sa kanilang pang-araw-araw na limit o wala sa hustong laki ng isda o nagtitinda o nangangalakal ng kanilang huli, paki-report ito. Anumang impormasyong ibibigay ay mananatiling lubos na kompidensiyal.

I-report ang poaching, kahina-hinala o labag sa batas na gawain – tumelepono sa 0800 4 POACHER (0800 476 224).

Ang mga Tuntunin ng Pangingsda sa New Zealand na Madali Ninyong Makukuha

Ang polyetong ito ay buod ng mga tuntunin sa panlibangang pangingsda para sa Challenger Fishery Management Area (FMA). Ito ay isang gabay lamang at maaaring hindi saklaw ang lahat ng mga lokal na pagbabawal at tuntunin o anumang mga naging pagbabago makaraang malimbag ito. Upang maging nasasapanahon, tingnan ang mga tuntunin tuwing ikaw ay mangingsda. Labag sa batas ang magtinda o makipagkalakalan ng iyong huli.

Gamitin ang isa sa aming mga LIBRENG serbisyo:

- **I-download** ang aming libreng Smartphone app sa pamamagitan ng pag-text ng salitang 'app' sa 9889 **O** sa pamamagitan ng pag-scan ng **QR code**. Ang app ay gumagana kahit na wala kayong coverage.



- **I-Free text** ang uri na hinuhuli mo (hal. blue cod o paua) sa 9889 at tatanggap ka ng sagot na text na magsasabi ng laki na ayon sa batas at limit ng bag.



- **Bisitahin ang www.mpi.govt.nz/fishingrules**

- **Mag-email sa recfishingteam@mpi.govt.nz** upang magsuskribi sa mga pagbabagong kaugnay ng pangingsda sa inyong pook.

- Sundan ang isa sa aming mga MPI Fisheries Facebook page:



MPI Fisheries – Northland
MPI Fisheries – Nelson/Marlborough/Kaikōura
MPI Fisheries – Canterbury/Westland
MPI Fisheries – Otago/Southland

Kontakin ang inyong Lokal na Opisina

Nelson (03) 548 1069

118 Vickerman Street, Nelson

Blenheim (03) 579 1088

Marlborough Research Centre, Grovetown Park,
State Highway 1, Blenheim

Kaikoura (03) 319 6570

114 Beach Road, Kaikoura